



Minamahal na Customer ng PG&E,

Natanggap ninyo ang sulat na ito dahil naabot na ng PG&E Corporation and Pacific Gas and Electric Company (sama-samang tutukuyin bilang "PG&E") ang susunod na hakbang sa kanilang Mga Kaso sa ilalim ng Kabanata 11: ang pagtatalaga ng "Bar Date" (Takdang Petsa). Ang Bar Date ay ang deadline kung kailan dapat maghain ng Proof of Claim (Katibayan ng Paghahabol) ang sinumang tao o entidad **kung pinaniniwalaan nilang may pagkakautang sa kanila ang PG&E sa panahon bago ang paghahain sa ilalim ng Kabanata 11 noong Enero 29, 2019**. Itinalaga ng U.S. Bankruptcy Court para sa Hilagang Distrito ng California ang Bar Date sa **5:00 p.m. ayon sa umiiral na Pacific Time, sa Oktubre 21, 2019**.

Mahalaga ang deadline na ito dahil, bilang bahagi ng proseso ng Kabanata 11, kailangang tukuyin ng PG&E ang halaga ng lahat ng mga hinahabol na dapat ibayad sa iba't ibang mga pinagkakautangan. Ang Bar Date at ang mga pamamaraan para sa paghahain ng mga Proof of Claim ay naaangkop sa lahat ng mga paghahabol laban sa PG&E na nangyari bago ang petsa ng paghahain, Enero 29, 2019.

Ang Kailangan Ninyong Malaman Tungkol sa Bar Date

1. **Lahat ng mga customer ng PG&E ay makakatanggap ng abisong ito.** Ang pagtanggap ng abisong ito ay **hindi** nangangahulugang kayo ay may paghahabol o na naniniwala ang PG&E o ang Bankruptcy Court na kayo ay mayroong paghahabol.
2. **Tandaan na hindi kailangang maghain ng mga customer ng mga Proof of Claim para sa mga ordinaryo at pangkaraniwang refund, sobrang kabayaran, kredito sa billing, deposito, o mga katulad na aytem sa billing.** Ang mga katanungang may kaugnayan sa mga bagay na ito ay dapat patuloy na itanong sa sentro ng serbisyo sa customer ng PG&E.
3. **Kung naniniwala kayo na wala kayong paghahabol sa PG&E, wala kayong kailangan gawin bilang tugon sa Abisong ito at hindi ninyo kailangang magpadala ng Proof of Claim Form (Form ng Katibayan ng Paghahabol).**
4. Sa hangganang naniniwala kayong may paghahabol kayo na nagmula sa isang kaganapan bago ang Enero 29, 2019, o na may ibang pagkakautang sa inyo ang PG&E sa panahon bago ang petsa ng paghahain na hindi pa nababayaran (maliban sa halagang tinutukoy sa ikalawang talata sa itaas), **DAPAT** kayong maghain ng Proof of Claim bago ang Bar Date na **Oktubre 21, 2019**. Kung hindi kayo maghahain, maaaring maharangan ang inyong paghahabol at maaaring hindi kayo makakatanggap mula sa pamamahagi.
5. **KUNG NANINIWALA KAYONG MAYROON KAYONG PAGHAHABOL NA NAGMULA O NA MAY KAUGNAYAN SA NORTHERN CALIFORNIA FIRES (MGA SUNOG SA HILAGANG CALIFORNIA) SA ALINMANG PARAAN,¹ DAPAT KAYONG MAGHAIN NG NAAANGKOP NA PROOF OF CLAIM FORM BAGO LUMAMPAS ANG BAR DATE, NA MAHAHANAP SA WWW.PGECUSTOMERBARDATEINFO.COM.**
6. Kung nakapaghain na kayo ng paghahabol sa ahente sa paghahabol ng PG&E, ang Prime Clerk, bago matanggap ang abisong ito, **hindi** niyo na kailangang maghain ng panibagong Proof of Claim.

Paano Maghain ng Proof of Claim

Nakalakip ang isang Proof of Claim Form na magagamit para sa anumang paghahabol maliban sa mga paghahabol na may kaugnayan sa Northern California Fires. Tulad ng nakasaad sa itaas, kung pinaniniwalaan ninyong may paghahabol kayo na nagmula sa o na may kaugnayan sa Northern California Wildfires sa anumang paraan, dapat niyong ihain ang naaangkop na Fire Proof of Claim Form (Form ng Katibayan ng Paghahabol kaugnay ng Sunog) bago lumampas ang Bar Date. Lahat ng mga Proof of Claim Form (kabilang ang mga Fire

¹ Ang Northern California Fires ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod na sunog: 37, Adobe, Atlas, Blue, Butte, Camp, Cascade, Cherokee, Ghost Ship, Honey, La Porte, Lobo, Maacama, McCourtney, Norrbom, Nuns, Partrick, Pocket, Point, Pressley, Pythian (na tinatawag ding Oakmont), Redwood, Sullivan, Sulphur, at Tubbs.

Proof of Claim Form) ay dapat ihain at matanggap sa o bago sumapit ang **5:00 p.m. sa Oktubre 21, 2019.** (Umiiral na Pacific Time) ayon sa mga sumusunod:

<p>Kung sa pamamagitan ng first class mail:</p> <p>PG&E Corporation Claims Processing Center c/o Prime Clerk LLC Grand Central Station PO Box 4850 New York, NY 10163-4850</p> <p>Kung sa pamamagitan ng overnight na pagpapadala:</p> <p>PG&E Corporation Claims Processing Center (Sentro sa Pagpoproseso ng Mga Paghahabol) c/o Prime Clerk LLC 850 Third Avenue, Suite 412 Brooklyn, NY 11232</p>	<p>Kung sa pamamagitan ng personal na ihahatid:</p> <p>PG&E Corporation Claims Processing Center c/o Prime Clerk LLC 850 Third Avenue, Suite 412 Brooklyn, NY 11232</p> <p style="text-align: center;">-o-</p> <p>Isa sa mga sumusunod na lokasyon ng PG&E (simula Hulyo 15, 2019 hanggang sa Bar Date (Oktubre 21, 2019) mula 8:30 a.m. – 5:00 p.m. Umiiral na Pacific Time): (i) 350 Salem Street, Chico, CA 95928; (ii) 231 “D” Street, Marysville, CA 95901; (iii) 1567 Huntoon Street, Oroville, CA 95965; (iv) 3600 Meadow View Road, Redding, CA 96002; (v) 111 Stony Circle, Santa Rosa, CA 95401; o (vi) 1850 Soscol Ave. Ste 105, Napa, CA 94559.</p> <p>Walang magagamit na makina para sa pag-photocopy sa mga Claim Service Center; dapat kayong magdala ng kopya ng inyong paghahabol kung nais ninyong makatanggap ng kopya na may stamp ng petsa.</p>	<p>Kung sa elektronikong pamamaraan:</p> <p>Bisitahin ang website na ginawa ng Prime Clerk, www.pgecustomerbardateinfo.com, i-click ang link na “Submit a Claim” (Magsumite ng Paghahabol) at sundin ang mga nakasaad na tagubilin.</p>
---	---	--

Ang sinumang naghahabol na naghain ng Proof of Claim sa wastong panahon at nagsumikap na kumpletuhin ang isang Proof of Claim Form tulad ng nakasaad sa Bar Date Order (Kautusan sa Takdang Petsa), ay papahintulutang rebisahin, baguhin, at/o dagdagan ang kaniyang naaangkop na Proof of Claim Form alinsunod sa pinapahintulutan ng mga naaangkop na batas hanggang sa panahon na ang kaniyang paghahabol ay pinapahintulutan o hindi pinapahintulutan sa pamamagitan ng utos ng Korte. Ituturing lamang na naihain ang mga Proof of Claim Form kapag talagang natanggap na ito sa mga address na nakalista sa itaas o sa elektronikong pamamaraan bago ang o sa Bar Date. Kung kayo ay naghain ng Proof of Claim Form sa pamamagitan ng Electronic Filing System (Elektronikong Sistema ng Paghain), makatanggap kayo ng kumpirmasyon sa email mula sa Electronic Filing System na may kasamang litrato ng inyong inihainang Proof of Claim Form. Hindi maaaring ipadala ang mga Proof of Claim form sa pamamagitan ng facsimile (eksaktong kopya ng orihinal), telecopy (ipinadala gamit ang fax), o electronic mail (maliban sa mga Proof of Claim na inihain sa elektronikong pamamaraan sa pamamagitan ng Electronic Filing System sa website ng Prime Clerk).

Mga Abiso sa Hinaharap

Kung nais ninyong makatanggap ng mga karagdagang update, maaari ninyong irehistro ang inyong email address para sa mga elektronikong abiso tungkol sa mahahalagang dokumento ng kaso sa website na pinapamahalaan ng Prime Clerk, sa www.pgecustomerbardateinfo.com. Kung kailangan ninyo ng karagdagang impormasyon tungkol sa abisong ito, maaari kayong makipag-ugnayan sa Prime Clerk sa (844) 627-7787 (walang toll) para sa mga partidong nasa Estados Unidos; o kaya sa +1 (347) 292-2703 para sa mga partidong nasa ibang bansa o sa pamamagitan ng e-mail sa: pgecustomerbardateinfo@primeclerk.com. **Mangyaring tandaan na hindi maaaring magbigay ng legal na pagpapayo ang Prime Clerk, at hindi rin ito makakapagbigay ng payo tungkol sa kung dapat ba kayong maghain ng Proof of Claim.**

Tungkol sa Kaso sa ilalim ng Kabanata 11

*Noong Enero 29, 2019, naghain ang parehong PG&E Corporation at Pacific Gas and Electric Company ng petisyon sa ilalim ng Kabanata 11 ng Bankruptcy Code (Kodigo sa Pagkalugi) sa U. S. Bankruptcy Court para sa Hilagang Distrito ng California. Sabay na pinapangasiwaan ang Mga Kaso sa ilalim ng Kabanata 11 sa ilalim ng pangunahing kaso na *In re PG&E Corporation and Pacific Gas and Electric Company, Case No. 19-30088 (DM)*. Upang makahanap ng karagdagang impormasyon tungkol sa Mga Kaso sa ilalim ng Kabanata 11 ng PG&E, mangyaring bumisita sa <http://www.pge.com/reorganization>.*

Ang mga kopya ng lahat ng mga dokumentong inihain sa Mga Kaso sa ilalim ng Kabanata 11, kabilang ang Bar Date Order at ang Proof of Claim Form, ay maaaring makita at/o makuha mula sa ahente para sa pag-abiso at paghahabol ng May-utang, ang Prime Clerk, sa <https://restructuring.primeclerk.com/pge>.